REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-77-A**

**KAPASIYAHAN NA INA-AMYENDAHAN ANG KAPASIYAHAN BILANG 89-77 NA PINAGTIBAY NA NOONG IKA-30 NG ENERO SA KANILANG PANG 45 PANGKARANIWANG PULONG, ANG KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG LIBONG PISO (₱3,000) SA BAWAT ISANG BETERANONG SASAKABILANG BUHAY NA MANGGAGALING SA PONDO NG "SOCIAL AMELIORATION FUND" NA MAGSISILBING TULONG PARA SA PAGPAPALIBING. (SA MGA TAGA MUNTINLUPA LAMANG).**

---

SAPAGKAT, ang mga beteranong nakipaglaban noong nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay dapat bigyan ng pagdakila at pagbubunyi ng bawat mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pagdakila at pagpapahalaga sa mga beterano ng nakaraang Digmaang Pandaigdig ay nararapat lamang upang kilalanin ang kanilang ginawang paghahandog ng dugo't buhay para sa kalayaan ng bayan;

SAPAGKAT, ang pagtataguyod ng ating kalayaan ay nagbunga ng pagkakabuklod at pagtutulungan ng mga mamamayan ng Muntinlupa at sa harap ng katugong pagmamalasakit na ito ay katahimikan, kaayusan at kaunlaran ng ating pamayanan;

SAPAGKAT, ang pagbibigay na tulong na pananalapi sa pamilya ng beteranong babawian ng buhay ay upang ipadama ang pagmamalasakit at pagmamahal ng pamahalaang bayan sa mga taong buong dalisay at kagitingang ipinaglaban ang bayan at nahahandang magbuwis ng buhay kung kinakailangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng halagang Tatlong Libong Piso (₱3,000) sa bawat isang beteranong sasakabilang buhay na manggagaling sa pondo ng "social amelioration fund" na magsisilbing tulong para sa pagpapalibing. (Sa mga taga Muntinlupa lamang).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang 82 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Nobyembre 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Hindi nakilahok
Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY : Nobyembre 20, 1989

RRC/vts